

# Bininyagan si Jesucristo

Si Juan Bautista ay isang propeta noon. Tinuruan niya ang mga tao tungkol kay Jesucristo. Isang araw bininyagan ni Juan ang mga tao sa Ilog ng Jordan. Pagkatapos ay dumating si Jesus. Hiniling Niya kay Juan na binyagan Siya.

Sinabi ni Jesus na inutusan ng Ama sa Langit ang lahat na magpabinyag. Gusto Niyang sundin ang Ama sa Langit. Gusto Niyang magpakita ng halimbawa sa atin.

Bininyagan ni Juan si Jesus sa Ilog ng Jordan. Pag-ahon ni Jesus mula sa tubig, narinig ng mga tao ang tinig ng Ama sa Langit. Sabi Niya, "Ito ang minamahal kong Anak, sa kanya ako lubos na nalulugod."

Masusunod natin si Jesus sa pamamagitan ng pagpapabinyag. Masaya ang Ama sa Langit kapag sinusunod natin ang Kanyang Anak.

**Tanggalin ang pahinang ito at itupi ito sa gitna. Pagkatapos ay itaas ang larawan habang nagkukuwento ka.**




*Mababasa mo ang kuwentong ito sa Mateo 3.*

IPININTA NI GREG K. OLSEN

